## David at Mephibosheth

(2 Samuel 9)



Si David ay tatlumpung taong gulang nang siya ay maging hari. Sa kabuoan, si David ay naghari sa loob ng apatnapung taon – pitong taon at kalahati sa Juda at tatlongpu't tatlong taon sa buong Israel at Juda. Si Haring David ay mabait at matapang at higit sa lahat ay mahal niya ang Diyos nang buong puso. Lagi niyang sinusubukang gawin ang tama kaya sa kanyang paghahari ay ipinatupad niya ang batas at pinairal ang katarungan.

Isang araw, naalala ni Haring David ang pangako niya sa kanyang pinakamatalik na kaibigan, si Jonathan. Si Jonathan ay naging napakabuti kay David noong sila ay mas bata pa, at bago sila nagkahiwalay ay nangako si David na hindi niya pababayaan ang sambahayan ni Jonathan kapag dumating ang panahon na mamatay ito.

Minsan nagtanong si David kung mayroon pa bang natitirang kamag-anak mula sa sambahayan ni Saul na maaari niyang pakitaan ng kabutihan alang-alang kay Jonathan. Napagalaman niya na may alipin si Saul na nagngangalang Ziba kaya't pinatawag niya ito. Nalaman ni Haring David na na may isa pang anak si Jonathan na buhay. Ang pangalan niya ay Mephibosheth, at siya ay pilay sa parehong paa.

Nang malaman ni Haring David kung saan siya nakatira, agad niyang ipinasundo si Mephibosheth. Nang dumating si Mephibosheth, siya ay nagbigay galang at yumukod sa harap ni Haring David na may kahalong takot, iniisip na baka siya'y saktan ng hari. Ngunit mahinahong sinabi ni David, "Huwag kang matakot. Gusto kong gawan ka ng kabutihan dahil sa iyong ama na si Jonatan. Ibabalik ko sa iyo ang lahat ng lupain na pagmamay-ari ng iyong lolo na si Saul, at palagi kang kakain sa aking hapag kainan."

Si Mephibosheth ay yumukod at sinabi, "Sino po ako para pag-ukulan ng pansin? Ako'y walang silbi!" Ngunit determinado si David na tuparin ang kanyang pangako kay Jonathan at tratuhin si Mephibosheth na parang kanyang sariling anak.

Muling tinawag ng hari si Ziba, at sinabi sa kaniya, na lahat ng ari-arian ni Saul ay ibibigay niya kay Mephibosheth at sa kanyang sambahayan. Binilin din niya kay Ziba na siya, ang

kanyang pamilya at ang kanyang mga alipin ang magbubungkal ng lupain ni Mephibosheth. Aalagaan ng mabuti upang mag-ani nang sagana at magkaroon ng sapat na pagkain ang sambahayan ng kanilang panginoon. Sinunod ni Ziba ang pinagutos ni Haring David.

Mula sa araw na iyon, nanirahan si Mephibosheth sa Jerusalem, kumakain sa hapag ng hari, na parang isa sa mga anak ni David.

Ang Diyos ay mapagbiyaya. Ang Kanyang pangako ay maaasahan at matatag, at Siya ay nakatauon sa pagtupad sa mga ito. Gumagamit ang Diyos ng mga tao upang maging daluyan upang maisakatuparan ang Kanyang mga pangako sa atin. Ang katapatan ni David ay sumasalamin sa biyaya at katapatan ng Diyos.

